Republic of the Philippines
Province of Nueva Ecija
MUNICIPALITY OF GUIMBA
-oOo-

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG GUIMBA, NUEVA ECIJA, NOONG IKA-28 SETYEMBRE, 2009 NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN NG GUIMBA, NUEVA ECIJA.

MGA DUMALO:

KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN	Vice Mayor and Presiding Officer
KGG. GAVINO M. LACSON, JR.	SB Kagawad
KGG. ERWIN J. MATEO	SB Kagawad
KGG. EDGARDO P. MANGALINO	SB Kagawad
KGG. PEDRO M. ESTABILLO	SB Kagawad
KGG. PEDRO G. CABATBAT	SB Kagawad
KGG. LINO G. PADRE JR.	SB Kagawad
KGG. MELCHOR L. ESQUIVEL	SB Kagawad
KGG. LEONARDO DC. GARCIA	ABC President
KGG. ATHENA ROXANNE A. GRAGASIN	SK Fed. President

MGA DI DUMALO:

KGG. ARI VERGIL P. FABROS	SB Kagawad

A.PAGBUBUKAS NG PULONG: KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN
Presiding Officer

Binuksan ang pulong sa ganap na ika-9:13 ng umaga.

B.PANALANGIN:

Ang panalangin ay pinangunahan ni Pastor EDMUND DELA ROSA, Minister, Christ the Redeemer Church at Napasundan ng Maikling Mensahe ni Pastor Ric Quesada ng Bible Baptist Church/Moral Values Formation Command ng PNP.

C.PAMBANSANG AWIT:

Ang pambansang awit ay pinangunahan ni Gng. GEMMA DC. BAUTISTA.

D.PAGTIYAK SA MGA DUMALO:

SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ - Sa pagkakataon pong ito tanging ang Kgg. ARI VERGIL P. FABROS po ang wala sa ating bulwagan. Tayo po ay may sapat na bilang upang ang pagpupulong ay magpatuloy, tayo po'y dadako na sa pagpapatibay sa nakaraang katitikan.

E.PAGPAPATIBAY SA NAKARAANG KATITIKAN:

KGG. PEDRO M. ESTABILLO - Mr. Chairman
KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Kgg. Estabillo
KGG. PEDRO M. ESTABILLO - Doon po sa second page ng ating katitikan, si Kgg. Cabatbat po ang pumangalawa hindi po ako.
KGG. LINO G. PADRE JR. - Mr. Chairman
KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Kgg. Padre
KGG. LINO G. PADRE JR. - Yamang wala nang puna sa nakaraang katitikan, iminumungkahi ko na ito'y atin nang pagtibayin
KGG. PEDRO M. ESTABILLO - Pinapangalawahan ko po
KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Sa mungkahi ng Kgg. Padre at pinapangalawahan ng Kgg. Estabillo ay atin pong pinagtitibay ang nakaraang katitikan.

F.MALAYANG TALAKAYAN/ORAS NG PAGTATANONG:

SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ - Tayo po'y dadako na sa Malayang Talakayan at Oras ng Pagtatanong.
KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Mayroon bang nais magsalita sa ating mga kagalang-galang kung wala tayo ay dumako na tayo sa susunod na paksa

G. MGA PAKSA SA UNANG PAGBASA:

SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ - Mga Paksa sa unang pagbasa

1) Request to reclassify a parcel of land owned by Mrs. Ma. Theresa Cerna, situated at Zulueta Subd., Cawayang Bugtong, Guimba, Nueva Ecija, covering an area of 2,116 square meters, from residential to commercial, meron po kayong kopya sa inyong mga folder.

KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Atin pong ipapasa ang request to reclassify a parcel of land owned by Mrs. Cerna sa Chairman ng Agriculture, Kgg. Estabillo.

SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ - Ang pangalawa po ay ang request to reclassify a parcel of land owned by Douglas Cerna, represented by spouse Ma. Theresa Cerna, situated in Banitan-Tampac (Boundary), Guimba, Nueva Ecija, covering an area of 16,225 square meters, more or less, with respect to 1,000 square meters only from agricultural to commercial (with attached Certification from Department of Ariculture and other documents)

KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Atin pong ipapasa muli ang request to reclassify a parcel of lanfd owned by Mr. Douglas Cerna sa Chairman ng Agriculture, Kgg. Estabillo.

SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ - Ang pangatlo po ay Resolution implementing SB resolution requesting all educational institutions, public or private to sing Guimba Hymn in their flag raising ceremonies ay ating ipapasa sa Chairman ng education Kgg. Padre.

H. PAG-UULAT NG MGA KUMITE:

SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ - Tayo'y dadako na sa pag-uulat ng mga kumite

KGG. PEDRO G. CABATBAT - Mr. Chairman

KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN – Kgg. Cabatbat

KGG. PEDRO G. CABATBAT - Noong nakaraang miyerkules po ay nagmeeting ang mga transportasyon, hinggil sa pagkuha-kuha ng mga pasahero ng Manacsac TODA at nagkasundo na din po ang magkabilang panig nung hapon na yon.

KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Salamat sa pag-uulat na yan ng ating Kgg. Cabatbat

KGG. PEDRO G. CABATBAT - Nagpadala din po ako ng sulat sa MPDC, Pangulo ng TODA at sa ating Hepe, upang tulungan kami sa pagsasaayos ng napaparadahan sa harap ng lumang palengke, dahil ang ating mga kababayang namamalengke ay walang maparadahan.

KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Salamat po Kgg. Cabatbat, atin pong tatalakayin mamaya yan sa other matters, meron pa bang nais magsalita sa ating mga kagalang-galang.

KGG. GAVINO M. LACSON JR. - Mr. Chairman

KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Kgg. Lacson

KGG. GAVINO M. LACSON JR. - Para pos a kaalaman ng ating mga kasamahan at sa lahat ng narito ngayon, panahon na po ng anihan at may resolution po tayo na bawal magbilad ng palay sa kalye, mabuti narito rin po ang ating hepe, upang malaman niya na ito ay isang pambansang Kautusan kaya lang pinapayagan natin at with maximum tolerance, kung tutuusin po sana bawal pero pinagbibigyan nga po natin ang mga magsasaka nating mga kababayan kaya meron pong resolusyon noon gang SB Resolution No. 45-07 na pinahihintulutan nating magbilad kaya lang bawal maglagay ng bakal, kahoy na harang at nais ko po sanang ipatupad ang resolution na ito sapagkat maraming mga pasahero ang nagrereklamo at nagiging sanhi din ito ng aksidente.

KGG. LINO G. PADRE JR. - Mr. Chairman, I move to suspend the rules.

9:40 AM RULE SUSPENDED

Sa pagkakataon pong ito ay pinag-uusapan ng mga kagalang-galang
kasama ang Hepe ng Pulisya ng ating bayan, tungkol sa pagbibilad ng palay sa highway na ang mga nagbibilad dito ay hinaharangan pa ng kung anu-anong bagay.

NOTE: Ipapatawag ang mga kapitan at magmemeeting kasama si Hepe sa ABC Hall sa Oct. 02,2009.
9:50 AM resumption of the rules sa mungkahi ni Kgg. Padre, Jr.

KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - May nais pa bang mag-ulat, kung wala na ay dumako tayo sa susunod na paksa

I. MGA DI NATAPOS NA GAWAIN:

SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ – Tayo po'y dadako na sa mga Di Natapos na Gawain.

1) **Letter from land Bank Leasing Corporation RE:** the Mortgaged shuttle bus/coaster of the municipality of Guimba. Sa di inaasahang pagkakataon ay di sila nakarating dahil sa bagyo at sila po ay nagpa-abot sa pamamagitan ng text na di sila makakarating at sa next session na lang po sila dadalo.

J. PAHATID LIHAM:

SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ - Dadako na po tayo sa susunod na paksa, Pahatid Liham.

1) Claim for delayed Payments of Airline tickets and Hotel Accomodation in the amount of P95,000.00 from Mrs. Mariejo S. Dee.

KGG. LINO G. PADRE JR. - I move for the suspension of the rules.

9:53AM SUSPEND RULE

Nagsalita si Mr. Mariejo S. Dee

NOTE: Padalhan ng invitation ang mga SK na di p nakakabayad at kung magkano pa ang amount ng kanilang babayaran sa susunod na session

10:00 AM - ibinalik ang patakarang panloob sa mungkahi ni Kgg. Lino G. Padre, Jr.

KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Padalhan ng liham ang mga SK na may pananagutan din dito upang matulungan naman ang SK President Athena. Susunod na paksa.

K. URGENT MEASURE:

SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ - Tayo po'y dumako na sa Urgent Measure

1) Resolution Declaring the Entire Municipality of Guimba, Nueva Ecija under the state of calamity

KGG. PEDRO M. ESTABILLO - Mr. Chairman

KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Kgg. Estabillo

KGG. PEDRO M. ESTABILLO - Iminumungkahi ko po na ang resolution declaring the municipality of Guimba, Nueva Ecijs under the state of calamity ay atin ng pagtibayin.

KGG. PEDRO G. CABATBAT - Pinapangalawahan ko po

KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Sa mungkahi ni Kgg. Estabillo at pinangalawahan ni Kgg. Cabatbat ang resolusyon declaring the Entire Municipality of Guimba, Nueva Ecija, under the state of calamity ay atin ng pinagtitibay.

L. MGA PAKSA SA IKALAWANG PAGBASA:

SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ - Tayo po ay dumako na sa Mga Paksa sa ikalawang Pagbasa.

1) Administrative Case No. 06-09---Reklamo ng mga concerned citizen ng Brgy. Bantug, laban kay Punong-Brgy. Cruzaldo Rombaoa at iba pa.

KGG. LINO G. PADRE JR. - I move for the suspension of the rules.

RULE SUSPENDED @ - 10:01 AM

Nakiusap ang mga concerned citizen ng Barangay Bantug na humihiling ng 1 linggo pang extension o palugit para makapag-sumite ng COA Report sa kabila na natapos na ang 90 days investigation period ng nasabing kaso administratibo. Ang ilang mga Kagalang-galang at mga panauhin ay humiling na for the record ang ilan nilang binanggit gaya nina:

KGG. GAVINO M. LACSON JR. - For the record lang po, umaapela po ang mga concerned citizen ng Bantug, bakit di po natin pagbigyan?

KGG. LEONARDO DC. GARCIA - Hindi naman po final ang desisyon ng SB, pwede pa po naman umapela sa Sangguniang Panlalawigan, dapat pag humingi ng extension ay dapat nasa 90 days period baka po kasi bumwelta ang kabilang panig na natapos na ang investigation period ay bakit may extansion pa? panahon na po ayon sa batas na kami ay dapat nang gumawa ng desisyon.

10:25AM - - - RESUMPTION OF THE RULES

KGG. LINO G. PADRE JR. - I move to resume the rules.

KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Granted.

KGG. LINO G. PADRE JR. - I move for the extension of one (1) week

KGG. MELCHOR L. ESQUIVEL - Pinapangalawahan ko po

KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Atin pong pinagtitibay na bigyan ng one (1) week extension ang mga concerned citizen ng Bantug upang kumuha ng COA report laban sa kanilang Kapitan Cruzaldo Rombaoa.

M.MGA PAKSA SA IKATLONG PAGBASA:

WALA PONG NAKATALA

N.IBA PANG TALAKAYIN:

SB SEC. JOEL P. ENRIQUEZ – Tayo po'y dumako na sa iba pang Talakayin

KGG. LINO G. PADRE JR. - Mr. Chairman

KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Kgg. Padre

KGG. LINO G. PADRE JR. - Ito po ay hinggil sa pagpapasara ng mga videoke bar at napag-alaman na nag-ooperate pa rin ang double R sa Maturanoc.

COL. RENATO DAVID - A few months ago, may mga reports na din sa amin at ako mismo ay nagpanggap na customer, di naman nila ako kilala nakita ko rin na may mga babae dun, kung may ordinansa ay maari nating ipagbawal ang pag-operate, resolution lang po kasi at hindi ordinansa kaya nireregulate lang naming, may 1st offense, 2nd offense, at sa 3rd offense ay dun pa lang irerekomenda ang pagpapasara. Kung Ordinansa sana ay pwede agad natin ipasara.

ENGR. FLORANTE SERRANO - Napag-utusan lang po kami sa pamamagitan ng isang Executive Order, umaasiste lang kami sa MPDC kasama ang Licensing ng Treasurer's Office, ang MHO, PNP, MSWDO. Dapat po magbigay ng kautusan ang Chief Executive.

KGG.EDGARDO P. MANGALINO - May lisensiya po sila na ihaw-ihaw nakita n'yo po ba?

ENGR. FLORANTE SERRANO - Meron po 2009 po, pero may mga babae dun.

KGG. EDGARDO P. MANGALINO - May mga babae pero nai-ttable po bang talaga? Bakit daw ang Kuya's Grill, Aloha may mga videoke.

KGG. ERWIN J. MATEO - Yung sa Kuya's Grill ay di naman nai-tatable, sa Aloha naman ay purely videoke lang.

KGG. LINO G. PADRE JR. - Kung ganyan na na-experience ni Hepe na meron nga kailangan gumawa tayo ng ordinansa.

KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Put in writing na gawan ng ordinansa ang nasabing videoke bar in general walang pwedeng magtayo ng videoke bar. Meron pa po bang nais magsalita

KGG. PEDRO G. CABATBAT - Tungkol po sa mga paradahan kaya po natin pinatawag ang MPDC at si Col. David, upang matulungan na maiayos ang paradahan, sa harap ng lumang palengke

COL. RENATO DAVID - May space po ba sa mga private, sa mga namamalengke.

ENGR. FLORANTE SERRANO - Bakante po ang pagitan ni Ex-Councilor Agapito at kay RAIS Pharmacy. Dalawang linya po kasi ng jeep sa may PAC, Sta. veronica po kasi ang pilahan sa may tapat ng hagdan, yun pong kay Barrera at Agapito ang bakante

KGG. LEONARDO DC. GARCIA - Baka puwede na yung pila lang ang pwedeng nandoon sa pilahan para yung rest ay maparadahan ng mga namamalengke.

KGG. ERWIN J. MATEO - Baka pwedeng separate ang tricycle sa hindi namamasadang tricycle, kasi pag-iniwan yung tricycle, nakakagulo pa sa iba, dapat yung may-ari ng sasakyan sa loob ng palengke ay nasa dulo.

KGG. LEONARDO DC. GARCIA - Wala nanga madaanan sa makabilang gilid ng palengke, ilayo naman sana kung may sunog wala nang dadaanan ang bumbero.

KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Kung maari sana makipag-coordinate ang MPDC sa ating Hepe wala kasing direksiyon.

COL. RENATO DAVID - Bukas ng umaga pwede nating ayusin

ENGR. FLORANTE SERRANO - Magbibigay po kami ng communication sa president ng mga assosayon, at TODA President, ako nap o mag-iimbita sa kanila.

COL. RENATO DAVID - Lagyan po naming ng linya para hidi magkagulo, o di kaya'y lubid.

ENGR. FLORANTE SERRANO - Ninanakaw po kasi kung lubid. Katulad po nung dati nakalagay ninakaw po, mas mainam po siguro kung linya na lang.

MR. JOSELITO MARZAN - Tinatabangan po ang ating kapulisan dahil yung mga nahuhuli ay ina-arbor ng ibang mga may tungkulin dito sa ating bayan at pati po yung lugawan dapat ay mabigyan ng tamang puwesto, kasi gumigitna na sila.

KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Baka puwede din request sa mga tricycle at single na motor na magkaroon ng ilaw sa harap at likod, may ordinansa ba tayo diyan?

KGG. LEONARDO DC. GARCIA - Sa handtractor lang po

COL. RENATO DAVID - Kung ipag-uutos yan ay pabor sa akin, binibigyan naman natin ng consideration kung magdadala ng pasyente sa ospital.

KGG. LEONARD DC. GARCIA - Kahit walang ordinansa bawal talaga ang walang ilaw, iwasan na rin ang mga ninong at padrino, ipatupad na lang ng tama.

KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Hindi na natin gagawan ng ordinansa?

COL. RENATO DAVID - Baka pwedeng mag-impound kami ng kuliglig wala kasing mga ilaw.

KGG. EDGARDO P. MANGALINO - Bago irelease magdala na nga mga gamit na ikakabit at isama yung magkakabit.

KG. LEONARDO DC. GARCIA - Sino-suportahan ko po ang sinabi ni Col. David.

KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Puwede ba gumawa ng immediate ordinance?

KGG. LEONARDO DC. GARCIA - May public hearing pa po 'yan, yung sa handtractor meron na yan, sa 1st Friday po meeting ng liga ng mga barangay, iniimbita ko kayo, para mapag-usapan natin ang mga bagay na yan at bibigyan natin ng mga sipi ng resolusyon tungkol sa reflector, mga harang sa ibinibilad na palay, at yung tungkol sa Rabies.

KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Nais ko pong pasalamatan si Hepe

COL. RENATO DAVID - Paki-imbita din ang palay traders

KGG. LEONARDO DC. GARCIA - Magpa-meeting na lang yung venue puwede sa ABC Hall, padalhan ng invitation si Mr. Orita-Over-all President ng Palay Traders

---

O.PAGTITINDIG NG PULONG:

KGG. GAVINO M. LACSON JR. - Iminumungkahi ko po ang pagtindig ng pulong

KGG. PEDRO G. CABATBAT - Pinapangalawahan ko po

KGG. ROSELLER T. DE GUZMAN - Atin na pong itinitindig ang pagpupulong

Pagtitindig ng Pulong --- 11:06AM

INIHANDA NI:

JOEL P. ENRIQUEZ
SB Secretary

PINATOTOHANAN:

Kgg. ROSELLER T. DE GUZMAN
Municipal Vice Mayor & Presiding Officer